

PAPEL NG DAPAT MALAMAN

Pagkuha ng Pinansiyal na Tulong



Paggawa sa Segurong Pangkalusugan na Abot-kaya

Gagawin ng Covered California™ na payak at mas abot-kaya para sa milyun-milyong taga-California ang pagkuha ng segurong pangkalusugan.

Ang mga legal na residente ng California ay magiging karapat-dapat bumili ng pagsakop ng segurong pangkalusugan sa pamamagitan ng isang bagong pamilihan na itinatag ng Covered California. Magsisimula sa 2014, magkakaroon ng ilang bagong pinalawak na mga programa ng pamahalaan na nag-aalay ng pinansiyal na tulong upang mabawasan ang gastos sa segurong pangkalusugan.

- 1. Tulong sa hulog** — Ang pederal na tulong ay makukuha upang mabawasan ang gastos sa mga buwanang pagbabayad ng seguro ng isang tao o pamilya.
- 2. Tulong sa pagbahagi sa gastos** — Ang mga subsidy sa paghabagi sa gastos ay nagbabawas ng halaga ng mga gugulin sa pangangalagang pangkalusugan na kailangang bayaran ng isang tao o pamilya sa panahon ng pangangalagang medikal.
- 3. Tulong na Medi-Cal** — Simula sa 2014, ang Medi-Cal ay sasakop sa mas maraming taong wala pang 65 taong gulang, kabilang ang mga taong may kapansanan at ang mga taong may kita na mas mababa kaysa \$15,860 sa isang taon para sa isang walang-asawang tao at \$32,500 para sa isang pamilya ng apat. Ang Medi-Cal ay libre para sa mga nakakatugon sa mga iniaatas at bahagi ng mga pagbabagong kabilang sa Patient Protection and Affordable Care Act (Affordable Care Act).

Pagiging Kuwalipikado para sa Tulong sa Hulog

Ang tulong sa hulog ay makukuha ng mga tao at mga pamilya na kumikita ng mas mababa kaysa isang partikular na halaga sa isang taon at walang ibang mga mapipili para sa pagkuha ng abot-kayang segurong pangkalusugan na nakakatugon sa partikular na mga iniaatas sa pagsakop ng seguro, tulad ng pagsakop ng segurong pangkalusugan na iniaalay sa pamamagitan ng kanilang pinagtatrabahuhan o ibang programa ng pamahalaan.

Ang halaga ng tulong sa hulog ay depende sa kita at edad ng isang tao at kung saan naninirahan ang tao. Ang Affordable Care Act ay nagtatakda ng isang buwanang pinakamataas na babayaran ng mga tao para sa pangangalagang pangkalusugan, batay sa kung saan pumatak ang kanilang kita sa sukatan ng pederal na antas ng kahirapan. Sa pangkalahatan, mas mababa ang kita ng isang tao, mas kaunti ang babayaran niya para sa segurong pangkalusugan at mas malaki ang itutulong ng pederal na pamahalaan.

Halimbawa, ang mga taong kumikita ng hanggang \$45,960 at ang mga pamilya ng apat na kumikita ng hanggang \$94,200 ay maaaring maging kuwalipikado para sa pinansiyal na tulong.

Narito ang ilang mga pangunahing katotohanan tungkol sa tulong sa hulog.

- Ang tulong sa hulog ay nagbabawas ng presyo ng hulog sa plano sa segurong pangkalusugan ng isang tao o pamilya.
- Ang tulong sa hulog (isang pederal na subsidy) ay iniaaplay nang tuwiran sa hulog sa panahon na nagpatala ang isang tao o pamilya sa segurong pangkalusugan. Ang mga nagpatala ay hindi kailangang maghintay hanggang sila ay magharap ng pahayag ng buwis sa katapusan ng taon.
- Ang tulong sa hulog ay makukuha lamang sa pamamagitan ng Covered California. Ang mga taga-California ay dapat bumili ng kanilang planong segurong pangkalusugan mula sa Covered California kung gusto nilang kumuha ng tulong sa hulog.
- Ang tulong sa hulog ay ibinabayad sa mga planong pangkalusugan. Ang tulong ay ibinabayad ng pederal ng pamahalaan nang tuwiran sa planong pangkalusugan na pinili ng isang tao o pamilya sa pamamagitan ng Covered California.

Pagtantiya ng Tulong sa Hulog

Ang halaga ng tulong sa hulog ay ipinagkakaloob depende sa kita ng sambahayan at laki ng pamilya. Nasa ibaba ang ilang mga halimbawa ng mga posibleng gastos sa mga pamilya sa California. Sa dakong huli ng taong ito, ihahanda ng Covered California ang eksaktong hulog at mga pagpili ng plano, upang malaman ng bawat isa ang eksaktong magiging presyo ng kanilang seguro.



Taunang kita para sa isang Pamilya ng 4	Buwanang Hulog Pagkatapos ng Pederal na Subsidy
\$23,550 – \$35,325	\$39 – \$118
\$35,326 – \$47,100	\$119 – \$247
\$47,101 – \$58,875	\$248 – \$395
\$58,876 – \$94,200	\$396 – \$746

Ang tulog sa hulog ay makukuha kapag ang mga tao ay bumibili ng seguro, upang walang dapat magbayad ng lahat ng mga presyo ng hulog kaagad at maghintay ng pagsasauli ng ibinayad. Ang tulong sa hulog ay makukuha ng bawat isa na karapat-dapat para dito, nagharap man sila ng mga buwis o hindi.

Ang Covered California ay may online na tagakalkula sa www.CoveredCA.com na makakatulong sa mga tao na tantiyahin kung magkano ang babayaran nila bawat taon para sa pagsakop ng segurong pangkalusugan at ang halaga ng anumang pederal na pinansiyal na suporta.

Ang tulog sa hulog ay makukuha kapag ang mga tao ay bumibili ng seguro, upang walang dapat magbayad ng lahat ng mga presyo ng hulog kaagad at maghintay ng pagsasauli ng ibinayad.

Pagiging Kuwalipikado para sa mga Subsidy sa Pagbahagi sa Gastos

Habang ang tulong sa hulog ay makakatulong na bawasan ang mga pagbabayad ng hulog, ang mga subsidy sa pagbahagi sa gastos ay nagpoprotekta sa mga taong maliit ang kita mula sa mataas na mula-sa-bulsang mga gastos sa panahon ng serbisyo. Ang mga may kita na mas mababa kaysa humigit-kumulang na \$28,725 para sa isang walang-asawang tao at mas mababa kaysa humigit-kumulang na \$58,875 para sa isang pamilya ng apat noong 2013 ay maaaring karapat-dapat para sa mga subsidy na ito. Sinuman na kuwalipikado para sa mga subsidy sa pagbahagi sa gastos ay magbabayad ng mas mababa para sa mga gugulin sa pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang mga gastos na natamo noong sila ay tumanggap ng pangangalagang medikal.

Ang Covered California ay makakatulong sa mga tao na malaman kung sila ay kuwalipikado para sa tulong nang personal, sa pamamagitan ng telepono at online.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang www.CoveredCA.com o tumawag sa (888) 975-1142.



CoveredCA.com

Ang Covered California ay ang bagong online na “pamilihan” na gagawing payak at abot-kaya ang pagbili ng mahusay na segurong pangkalusugan at pagkuha ng pinansiyal na tulong sa pagbabayad nito.